**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 15, 45-58




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Ang Adivay festival bilang daluyan ng kultura at identidad

Castillo, Emielou F.
*Benguet State University, Philippines (emieloucastillo@gmail.com)*
Tumapang, Rosalia M.
*Benguet State University, Philippines (rosaliatumapang24@gmail.com)*
Miguel, Elorde Jr. S.
*Benguet State University, Philippines (elordesafawil@gmail.com)*
Tomas, Dominga S. ✉
*Benguet State University, Philippines (d.tomas@bsu.edu.ph)*

**Received**: 29 July 2024 **Revised**: 25 September 2024 **Accepted**: 1 October 2024
**Available Online**: 1 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24820

***Abstract***

The study aimed to identify the significant activities, language used, and cultural aspects embodied in the Adivay Festival, utilizing a qualitative method with a descriptive design. The participants involved in the research included employees of the Benguet capitol, the Head Tourism Officer, as well as the coordinators and implementers of the festival. The main activities and themes of the Adivay Festival were found to be centered around the livelihood, products, traditions, and culture of the people in Benguet. It was observed that the festival serves as a platform for socialization and unity, showcasing products, celebrating culture, and expressing gratitude. The activities in the Adivay Festival notably reflect the culture of 'binnadang' or unity and the culture of Adivay or socialization. Based on the study's findings, it was concluded that the festival's activities and tasks mirror the concepts of socialization, unity, citizen products, culture, and gratitude. The festival serves as a means of introducing and reinforcing the cultural values of the people of Benguet, specifically 'binnadang' and Adivay. Furthermore, it was suggested to maintain and develop the important activities launched in the Adivay Festival in order to raise awareness of cultural and livelihood aspects among the youth and the citizens. Additionally, it was recommended to conduct further research on the festival to delve deeper into its importance and purpose.

***Keywords:*** Adivay Festival, language and culture, tradition, socialization, unity

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Ang Adivay festival bilang daluyan ng kultura at identidad


## 1. Abstrak

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga mahahalagang aktibidad, wika ng mga aktibidad at mga kulturang nakapaloob sa Adivay Festival. Ginamit sa pananaliksik ang kuwalitatibong metodo na nakatuon sa disenyong deskriptibo. Ang mga kalahok ay kinabibilangan ng mga empleyado ng kapitolyo ng Benguet; Head Tourism Officer at mga naging koordineytor at tagapagpatupad ng nasabing festival. Sa resulta ng pag-aaral, ang mga pangunahing aktibidad o gawain sa Adivay Festival ay nakabatay sa ikinabubuhay, produkto, tradisyon at kultura ng mga mamamayan sa Benguet. Lumabas din na ang aktibidad sa Adivay ay wika ng sosyalisasyon, wika ng pagkakaisa, wika ng produkto, wika ng kultura at wika ng pasasalamat. Ipinapahiwatig naman ng mga gawain sa Adivay Festival ay ang kultura ng 'binnadang' o pagkakaisa at kultura ng Adivay o sosyalisasyon. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon; ang mga aktibidad o mga gawain ay nagpapakita ng konsepto ng sosyalisasyon, pagkakaisa, produkto ng mga mamamayan, kultura at pasasalamat. Ang Adivay Festival ay isang paraan ng pagpapakilala at pagpapalakas ng kultura ng mga taga-Benguet: binnadang at adivay. Batay sa pagsusuri sa mga gawain at kulturang nakapaloob sa Festival, masasabing ang mga taga-Benguet ay matulungin at marunong makihalubilo sa kapwa. Mula sa mga kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod: panatilihin at paunlarin ang mga mahahalagang gawaing inilulunsad sa Adivay Festival upang lalong magkaroon ng kamalayan ang mga kabataan sa kanilang kultura at kabuhayan. Gayundin sa mga mamamayan, magkaroon ng malawakang pag-unawa sa mga aktibidad upang magkaroon ng puspusang pagpapahalaga sa mga kultura ng Benguet na nakapaloob dito; at sa susunod na pag-aaral, iminumungkahing magsagawa pa ng mga pananaliksik sa Adivay Festival upang maipabatid ang kahalagahan at layunin ng pista.


***Mga Susing Salita:*** Adivay Festival, wika at kultura, tradisyon, sosyalisasyon, pagkakaisa

## 2. Introduksyon

Ayon sa kasaysayan, ang kinagisnang kulturang Pilipino ay mga pinaghalong impluwensya ng mga katutubong tradisyon at mga kultura ng mga unang mangangalakal at mananakop noon. Ang mga pagdiriwang na ito ay mga pinagsamang kasaysayan ng mga siglo at mga katangian ng etniko ng isang partikular na nasyonalidad. Ang kultura ng Pilipinas na ating kinagisnan ay mga pinaghalong impluwensiya ng mga katutubong tradisyon at mga kultura ng mga unang mangangalakal at mananakop noon. Ang mga pagdiriwang ito ay mga pinagsamang kasaysayan ng mga siglo at mga katangian ng etniko ng isang partikular na nasyonalidad. Ang bansang Pilipinas ay kilala sa pagiging likas na malikhain at patunay dito ang kapistahang Pilipino. Ito ay malaking pagdiriwang ng kultura na umaakit ng mga lokal at dayuhang turista dahil sa makabuluhan at makasaysayang okasyon. Ibinabahagi nito ang kakaibang tradisyon ng ating bansa (Gabriel, Mationg, at Samontanes, 2021).

Ayon kay Taylor (2007), ang kultura ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lipunan. Sa iba ito ay kuro o opinyon ng buong lipunan na maaaring makita sa kanilang mga salita, aklat at mga sinulat, relihiyon, musika, pananamit, pagluluto, at iba pa. Kasama na rito ang iba't ibang uri ng mga pagdiriwang, gaya ng mga paligsahan at mga pista taun-taon. Ang kultura bilang nagkasamang modelo ng pag- uugali ng tao kalakip ang kanyang kaisipan, pakikipagkomunikasyon, wika, nakagawian, paniniwala, pagpapahalaga, kaugalian, ritwal, paraan ng paggalang at pakikisalamuha sa kapwa (Mangahis, 2010). Naniniwala naman si Rocher (2004), isang anthropologist, na ang kultura ay isang koneksyon ng mga ideya at damdamin na tinatanggap ng karamihan sa isang lipunan. Nais lamang nitong sabihin na ang isang gawain ay tinatawag na kultura kung ito ay katanggap-tanggap sa karamihan sa loob ng isang komunidad at lipunan. Bukod pa roon, ang kultura ay isa sa mga pinakamahirap buoin at ibahaging konsepto sapagkat kailangan at kaugnay nito lagi ang wika. Bawat tao ay

may sariling kinagisnan at natutuhang wika. Ito ang ginagamit sa pang araw-araw na pamumuhay at pakikisalamuha sa kapwa. Sa pamamagitan ng wika ay naipapahayag niya ang kanyang kaisipan, damdamin, adhikain, pangarap, imahinasyon, pagpapasya at pag-iisip (Montera et al, 2012).

Ayon naman kay Semorlan (2010), hindi mapaghihiwalay ang wika, kultura at lipunan. Magkabuhol ang mga ito kaya't malalaman kung anong kultura mayroon ang isang tao dahil sa wika na ginagamit nito. Sumasaklaw ang pag-aaral ng kultura sa kabuoang masalimuot na proseso na binubuo ng iba't ibang elemento tulad ng karunungan, pananampalataya, sining, batas, ugali, kagandahang asal at iba pa na maaring matutunan at taglayin ng mga tao bilang kasapi sa isang lipunan, gayundin bilang sistema ng munisipalidad at barangay ayon sa layunin ng mga opisyal ng isang bayan. Samantala sa pista naman nakahanay ang mga gawaing nakaugnay sa panrelihiyon (Turin, 2021). Kaugnay nito binanggit sa teorya ni Cicero na mahalaga ang kultura bilang salalayan ng pagbuo at paglinang ng mga paniniwala, kakayahan, pag-uugali at kaalaman ng mga tao.

Ang Pilipinas ay hindi lamang kilala bilang Perlas ng Silangan dahil sa mga bihirang magagandang tanawin at atraksyon ng turista, kilala rin ito sa mayamang kulturang nakapaloob dito tulad ng mga pista na tiyak na inaabangan ng karamihan, di lamang ng mga Pilipino kundi pati na rin ang ibang lahi. Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging masiyahin at maligaya dahil kapansin-pansin na kahit ang simpleng tagumpay ay lubos na ipinagdidiriwang sa pamamagitan ng salo-salo (Sabelleno, 2017). Ang unang pista sa Pilipinas ay naganap noong panahon ng Kastila. Ang mga pista noon ay karaniwang tungkol sa relihiyon dahil sa impluwesang Kastila. Tatlo ang dahilan kung bakit naganap ang pista. Ang una ay bilang pagpapasalamat sa kanilang mga patron o santo dahil sa mabuting ani o mabuting nangyari sa bayan. Ang pangalawang dahilan ay bilang paraan upang ipakita ang sariling kultura or gawain nila tulad ng paggawa ng mga maskara o paglalagay ng pintura sa katawan. Ang huling dahilan ay mga anibersaryo ng mahalagang pangyayari sa kasaysayan tulad ng pagbangon ng lungsod o bayan. Ang lahat na ito ay nagpapakita ng debosyon ng mga Pilipino sa pagdiwang ng mga pista (Horendo, 2016). Pista ang nagsisilbing bulwagan na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan upang mailahad ang kanilang mas malawak na pagtingin sa mga isyung kultural, sosyal, at politkal (Crespi-Valbona at Richards, 2007). Binanggit din nila na ang mga piyesta ay nagiging sentro ng mga diskurso para sa preserbasyon ng mga tradisyonal at lokal na kultura kasabay ang pag-usbong ng modernisasyon at globalisasyon.

Ayon naman kina Amtalao at Lartec (2015), ang pista ay isang makapangyarihang pwersa ng sining, wika at kultura na kinasasangkutan ng nagkakaisang lipunan upang ipakilala ang kanilang identidad sa pamamagitan ng mga paniniwala at gawi, tulad ng Grand Cordillera Festival na ang pangunahing layunin ay upang ipagdiwang ang buhay at kultura sa hilagang bahagi ng Luzon. Sa Cordillera, ipinagdiriwang ang Grand Cordillera Festival sa pamamagitan ng mga programang tampok ang mga pangkat-etniko, iba't ibang sayaw, pati narin ang mga ipinagmamalaking produkto ng naturang lalawigan. Ipinapakita sa pagdiriwang ang iba't ibang tradisyon at kultura ng mga taong naninirahan sa Cordillera Administrative Region. Layunin rin ng pagdiriwang ang pagpapalaganap ng pagkakaroon ng pagkakaisa, kapayapaan at pag-unlad sa mga mamamayan ng siyudad. Kabilang rin sa mga layunin ng pagdiriwang ang pangangalaga sa kultura ng kanilang rehiyon patinarin ang pangangalaga sa kapaligiran. Isa pang adhikain ng pagdiriwang na maging isang pangunahing atraksyon para sa mga turista ang Cordillera, isang SONA ng kapayapaan, at sentro ng edukasyon at ekonomiya sa hilagang bahagi ng Luzon (Camper, 2009).

Kilala rin ang Benguet dahil sa mga festival nito. Halimbawa ang Adivay Festival na ipinagdiriwang tuwing Nobyembre. Ang Adivay Festival ay salitang Ibaloy na nangangahulugang “halina't dumalo at magsaya”. Nangangahulugan din ito na ang bawat nakatira sa isang lipunan, kamag-anak man o hindi ay nagtuturingang magkakamag-anak at iginagalang na miyembro ng komunidad (Buyagan, 2012). Ang mga tao mula sa 13 bayan ng lalawigan- Atok, Tublay, Buguias, Mankayan, Kibungan, Kapangan, Bakun, Itogon, Sablan, Bokod, Kabayan, Tuba at La Trinidad ay nakibahagi sa kapistahan sa buong araw at sa dikta ng tradisyon, ang mga hayop ay kinakatay at inialay sa mga diyos. Tinawag itong engrandeng "cañao" (pista o pagdiriwang) ngunit sa iba, ito ay muling pagsasama-sama ng mga tribo ng Cordillera- mga Ibaloy, Kankanaey, Kalanguya at Ikarao. Lahat ay nagsusuot ng tradisyonal na damit (tapis para sa mga babae at G-string o Wanes para sa mga lalaki) at

sumasayaw ng "tayaw" (tradisyonal na sayaw) sa gitna ng inspirasyong paghampas ng "gangsa" (gong) at pagtapik ng "solibao" (katutubong tambol). Ang mga matatanda ay bumigbigkas din ng mga awit (A-at, 2010).

Layunin nitong magsimula sa isang pagdiriwang sa Baguio at pagkatapos ay kumalat sa BLIST (Baguio, La Trinidad, Itogon, Sablan at Tuba). Ito ay ginaganap taun-taon upang patuloy na matuklasan ang katalinuhan ng mga taga-Benguet, at upang patuloy na magbigay ng inspirasyon at pagkilala sa mga taong mahuhusay sa kanilang sariling larangan ng pagpupunyagi (Alip, 2011). Nakatuon din ang pistang ito sa muling pagtuklas sa mayamang kasaysayan, kultura, sining, kalakalan at industriya ng Benguet. Ito ay naisip upang tipunin ang lahat ng mga tribo ng Benguet at magsama-sama upang ibahagi ang kanilang mga paniniwala at gawi sa kultura.

Marami nang naisagawang pag-aaral tungkol sa ugnayan ng festival, relihiyon, at kasaysayan ng ating bansa at kakaunti pa lamang ang mga pag-aa¬ral na sumisentro sa festival bilang representasyon ng kultura at identidad ng isang pangkat. Napansin ding iilan pa lang ang naisagawang pag-aaral sa Adivay Festival ng Benguet. Binigyang pansin sa papel na ito ang pagdalumat sa wika ng Adivay Festival bilang daluyan sa pantukoy sa mga aspekto ng kultura at identidad ng mga mamamayan sa Benguet. Ito ang nagbigay ng ideya sa mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral tungkol sa Adivay Festival sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga mahahalagang aktibidad ng Adivay Festival, wika ng mga gawain at mga kulturang ipinapakita ng nasabing pista.

Inaasahan sa pag-aaral na ito ay makapagbigay-kaalaman sa mga tao lalo na sa mga kapwa mag-aaral at mananaliksik tungkol sa Adivay Festival. Makatulong din sa mga mamamayan ng Benguet sa lalong pag-unawa at pagpapahalaga ng sariling kultura. Maipabatid ang mga mahahalagang aktibidad at kultura na ipinapakita ng nasabing pista na nagpapakilala sa identidad ng lipunan o kumunidad.

Ninais ng mga mananaliksik na malaman at masipat ang mahahalagang impormasyong ipinahihiwatig ng mga pangyayari sa Adivay Festival bilang daluyan ng kultura at identidad. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito masasagot ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang mga mahahalagang aktibidad sa Adivay Festival?
- Ano ang winiwika ng mga iba’t ibang aktibidad sa Adivay Festival?
- Anong kultura ng mga taga-Benguet ang ipinapahiwatig ng mga aktibidad sa Adivay Festival?

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang mga mananaliksik ay gumamit ng pamaraang kuwalitatibo at deskriptibong disenyo. Ayon kay Sauro (2015), ginagamit ito sa kuwalitatibong pananaliksik upang matukoy at mapili ang mga kasong hitik sa impormasyon.

***Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral -*** Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinabibilangan ng mga kawani sa kapitolyo; Tourism Office Chief Officer, at ang mga naging tagapagpatupad at mga koordineytor ng Adivay Festival. Sila ang napiling kalahok sapagkat sila ang maalam at naghahanda sa mga programa at aktibidad na inilulunsad sa Adivay Festival. Ang pananaliksik ay isinagawa sa La Trinidad, Benguet.

***Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos -*** Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay ang inihanda ng mga mananaliksik na mga gabay na tanong sa pakikipanayam o interbyu. Ibinahagi ang mga gabay na tanong sa pangangalap ng mga impormasyon sa pamamagitan ng personal napakikipanayam. Gumamit din ng audio rekorder at kamera ang mga mananaliksik para sa pagbalik-tanaw sa mga impormasyon at pagkuha ng dokumentasyon.

***Paraan ng Paglikom ng Datos -*** Sa pananaliksik na ito, ang mga nakuhang impormasyon mula sa mga kalahok sa pamamagitan ng interbyu ang nagamit na pangunahing pinanggalingan ng datos ng pag-aaral. Sa pangangalap ng impormasyon, ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa Gobernador ng Benguet

bago isinagawa ang pag-aaral sa Kapitolyo. Kalakip nito ang mga gabay na tanong na naibahagi sa mga kalahok upang mabigyan ng sapat na pagkakataon bago ang interbyu.

***Pagtrato ng mga Datos -*** Ang mga nakalap na impormasyon mula sa mga kalahok ay sinuri, pinag-aralan at binigyang interpretasyon base sa resulta ng pag-aaral. Ang isinagawang pagtrato sa mga datos ay dumaan sa iba't ibang hakbang. Una ay transkripsyon sa sagot ng mga kalahok. Upang magkaroon ng tamang interpretasyon sa mga nakalap na kasagutan ng mga kalahok ay isinailalim sa cool analysis kung saan susuriin ang pahayag ng mga tagatugon. Pagkatapos ay isasagawa ang warm analysis o pagkakategorya sa mga mahahalagang pahayag upang mabuo ang tema at naging batayan sa interpretasyon ng datos. Ayon kay Sauro (2015), ang thematic analysis o thematization ay isang pamamaraan para sa sistematikong pagkilala, pagsasaayos at pag-aalok ng pananaw sa mga pattern na kahulugan (mga tema) sa mga datos. Isa sa pinakagamiting uri ng pag-aanalisa sa kwalitatibong pananaliksik

## 4. Pagtalakay sa Resulta

### *4.1 Mga Mahahalagang Aktibidad sa Adivay Festival*

Simbolo ng kultura ang pista. Sa pag-aaral na ito natuklasan ang mga mahahalagang aktibidad na isinasagawa upang ipakita ang pagiging malikhain ng mga mamamayan sa larangan ng laro, pagkain, pagsayaw, musika, at sining. Sa pag-aaral na ito ay inalam ang mga iba't ibang gawain sa pagdiriwang ng Adivay Festival.

*Dongba ni Kavadjo*

Ang Dongba ni Kavadjo ay isang aktibidad na itinatampok sa taunang pagdiriwang ng Adivay Festival bilang bahagi ng kapistahan. Ito ay mula sa terminong Ibaloy na nangangahulugang karera ng kabayo. Batay sa pahayag ng ilang kalahok, noong dumating ang mga Amerikano ay mayroon silang dala-dalang kabayo at nakita nila sa Pacdal sa Baguio na malawak na pastulan ng mga ito ngunit ang mga Igorot o mamamayan ng Benguet ang nagsilbing tagapag-alaga ng kanilang mga kabayo. Sa kadahilanang mahilig ang mga Amerikano sa mga paligsahan tulad ng karera ay ginaya na rin natin ang pagiging cowboy ng mga Amerikano. Isinasagawa rin ito upang ibida ang pinakamahusay at pinakamabilis na kabayo.

Ayon kay Namoro (2017) ang Dongba ni Kavadjo ay naglalayong ipakita ang nahiram na kultura at ng pagiging cowboy ng Cordilleran dahil ang mga Igorot ay naging malapit sa mga Amerikanong cowboy noong panahon ng sibilisasyon kung kaya't naging bahagi na ito sa kasaysayan ng Benguet. Dagdag pa niya, inorganisa nila ang aktibidad na ito upang ipakita ang pagiging animal lover ng mga Cordilleran lalo na sa mga kabayo.

*Mister and Miss Adivay*

Ang Mr. & Ms. Adivay ay isang paligsahang pagpapakita ng kagandahan/kagwapuhan, talento at talas ng pag-iisip. Bagaman hindi ito bahagi ng kultura at orihinal na aktibidad ng pista ngunit naging bahagi na ito ng pagdiriwang dahil isa ito sa pinakaaabangan ng lahat.

Ayon sa naging panayam sa isang kalahok, isa ito sa mga kompetisyon na pinakaaabangan ng lahat sa pagdiriwang ng Adivay taon-taon kung kayat tinawag itong 'crowd grower'. Ito ay tagisan ng talento, pagdadala ng kasuotan at talas ng kaisipan ng mga kalahok mula sa iba't ibang munisipyo ng Benguet. Ang Mr. Adivay o Body Building Competition kung saan kalalakihan lamang ang kalahok ay nabuo ang Mr & Ms. Adivay. Layunin nitong ipamalas ang natatagong talento ng mga kabataan at tagisan ng talas ng kaisipan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan o question and answer portion. Higit sa lahat ay layunin nitong ipakita at ipagmalaki ang mga iba't ibang mga naggagandahang mga casual at ethnic attire ng Benguet sa pamamagitan ng pagpresenta o pagdala ng mga kalahok batay sa ethnic attire ng kanilang kinabibilangang tribo at lugar. Bagaman ayon sa isang kalahok, mas maipapakita sana ang sariling kultura Benguet kung ang mga paligsahan at krayterya

na nakapaloob sa aktibidad na ito ay mga talagang nakagisnang gawain ng Benguet noon tulad ng ang pagsibak ng kahoy, pagbayo ng palay at iba pa.

*Man-adivay Shi Shontog/ Man-alibay ed Dontog*

Man-adivay Shi Shontog/ Man Alibay ed Dontog ay isang panlibangang aktibidad na bahagi ng Adivay Festival na nangangahulugang pagtitipon at sama-samang pag-akyat o "Hiking" sa bundok. Ito ay bukas sa lahat ng mga nais sumali at lumahok sa pag-eehersisyo sa pamamagtan ng pag-akyat sa bundok.

Batay sa naging panayam sa isang kalahok, ito ay ang 'paghiking' o pag-akyat sa Mt. Ulap kung saan ang mga kaahok ay nagkukwentuhan, nagpapalitan ng kaisipan at mga bugtong kung saan nagkakaroon ng katuwaan. Layunin ng akitibidad na ito na mapaunlad ang social life o pakikisalamuha sa kapwa sa pamamagitan ng pakikipagkwento, bugtongan na siyang nakapagbibigay katuwaan at pakikipagkilala sa mga kasamahan habang sama-samang umaakyat sa Mt. Ulap. Nakapagbibigay ito ng kamalayan at nagbibigay ng pagkakataon sa pagbuo ng solusyon sa mga talakayang isyung panlipunang kinaroroonan. Bukod pa roon ay napakalaking tulong nito sa pisikal, mental at emosyonal na kalusugan sapagkat nakakapag-ensayo ang katawan at nakakabawas din ng sama ng loob o mga suliranin at mga isipin sa buhay.

Ayon kay Reed (2018), ang pag-akyat sa bundok o 'hiking' ay isang mahusay na paraan upang palakasin ang mga pagkakaibigan o ugnayan na mayroon ka sa mga kasamahan. Itinataguyod nito ang pagbuo ng komunidad at ang panghabambuhay na pagkakaibigan habang nagbabahagi ng malalim na karanasan.

Cordilleran Cultural Dance Presentation

Ilan sa mga kulturang sayaw ng Benguet na sinasayaw tuwing pagdiriwang ng Adivay Festival ay ang Bendiyan na nagmula sa Kabayan, ang Taycheck na katutubong sayaw ng mga Ikarao mula sa munisipalidad ng Bokod, ang Tallak na katutubong sayaw ng mga Kankanaey mula sa Bakun, at ang Tayaw na karaniwang isinasayaw sa pagdiriwang at bukas sa lahat ng nais makisali.

Ayon sa isang kalahok, ito ay sayawan ng lahat ng mga mamamayan ng Benguet. Ang bawat munisipalidad ay malayang isagawa ang kanilang mga kanya-kanyang sayaw tulad ng Bendian ng mga Ibaloy, Taychek ng mga Ikarao mula sa munisipalidad ng Bokod, Tallak ng mga Kankanaey mula sa munisipalidad ng Bakun at ang Tayaw na sinasayaw ng lahat, Kankanaey man Ibaloy o Kalanguya at maging ang mga bisita mula sa lowlands na nais makisaya.

Layunin ng aktibidad na ito na ipakita at ipagmalaki ang kinagisnang katutubong pangkulturang na sayaw ng Benguet. Nais din ng aktibidad na ito na turuan ang mga kabataan sa pagsayaw nito upang sila ay matuto at maipasa ito sa mga susunod pang henerasyon kung kaya't malaya ang mga kabataan na makilahok dito. Ang mga sayawang ito ay bahagi ng kasiyahan at pakikisalamuha sa mga kapwa mamamayan at mga bisita. Ang tuon ng katutubong sayaw ay ang kwento ng mga tao sa kanilang lipunan, kanilang kultura at pati na rin ang tanawin ng rehiyon kung saan sila nagmula. Ang katutubong sayaw ay napakahalaga ang ugnayan sa kultura sapagkat pinagsasama-sama nito ang mga tao at hinihikayat silang makisali sa mga panlipunang aspeto. Ipinapakita nito ang tradisyon ng isang bansa o rehiyon, at hinihikayat ang mga tao na makilahok sa mga pisikal na aktibidad at iba pang kanilang mga interes.

Sa Benguet, kadalasan ang mga sayaw ay isinasagawa sa isang malaking pagdiriwang, ipagpasalamat o ipagdiwang ang masaganang ani, matagumpay na paglalakbay, paggunita sa mga nakaraang mahahalagang pangyayari, at pagtigil ng alitan (NCCA,2015). Isang anyo ng pagwiwika at ekspresyon ay ang masining na paggalaw ng mga parte ng katawan o pagsayaw lalo na sa pagtatampok ng kultura at tradisyon ng isang bansa o isang partikular na lugar. Nakakatulong ito upang mas maunawaan ng mga taong mula sa labas ng bansa o rehiyon ang kultura, mga mamamayan at kahalagahan ng isang bansa o lugar. Ang bawat panig ng bansa ay may mga sariling katutubong sayaw na kumakatawan sa kaugalian, tradisyon at kasaysayan ng lugar. Sa Greece, ang

sayaw ay isang paraan ng pakikipag-usap sa mga diyos. At sa kulturang Hudyo, ito ay isang paraan ng pakikipag-usap sa Diyos at pagdiriwang ng kung ano ang kanyang nagawa (Mones, 2019).

*Avang/Depap ni Molmol*

Isa sa pinakatampok na aktibidad na taon-taong isinasagawa sa pagdiriwang ng Adivay Festival. Nangangahulugan ito sa Filipino na 'Paghuli ng baboy', isang tradisyunal na laro kung saan ang mga kalahok na manghuhuli ng baboy ay mga kalalakihan mula sa iba't ibang munisipyo ng Benguet. Bawat munisipyo ay binigyan ng tig-tatlong baboy na huhulihin at kakatayin sa kanya-kanyang tolda o booth. Ito ang ihahain at ipamamahagi sa mga residente at mga bisitang dumalo sa pista.

Ipinapahiwatig nito ang kaugalian ng Benguet na *'binnadang'* o bayanihan sa lahat ng pagkakataon at sitwasyon. Ang Avang/Depap ni molmol ayon sa isang kalahok ay isang aktibidad na bahagi ng isinasagawang Grand Cañao tuwing Nobyembre 23, ang selebrasyon ng anibersaryo ng Benguet sa pagiging independente nito mula sa Mountain Province noong taong 1960. Layunin ng aktibidad na ito na ipakita ang tinatawag nating 'binnadang' pagtutulongan o bayanihan ng mga mamamayan ng Benguet.

Samantala, ayon pa rin sa pahayag ng kalahok ay habang kinakatay nila ang mga baboy ay binabasa ang kapalaran at yaman ng kani-kanilang munisipyo mula sa lamang-loob ng baboy bago iluto ang mga ito at ihain sa karamihan. Ang isa namang pinakamalaking baboy ay nakalaan para sa *'owik,'* ritwal na pinangungunahan ng mga matatanda at ng alkalde ng bayan. Ipinapahiwatig nito ang kinagisnang ritwal ng mga mamamayan ng Benguet sa pagbasa ng kapalaran ng mga munisipalidad at buong probinsya. Kung ang atay ng baboy ay malusog at nasa perpektong hugis at kulay, ibig sabihin ay mabuting pangitain din o kapalaran ang naghihintay sa bawat munisipalidad at buong probinsya. Samantalang kung ito ay may pinsala o hindi perpekto ang pagkakahugis at kulay nito ay nangangahulugang 'bad omen' o may masamang pangitain.

*Agri-Fair*

Sa pagdiriwang ng Adivay Festival, isang mahalaga at hindi nawawala na aktibidad nila ang pagdidisplay o pagsasaayos ng mga ibinibidang produkto ng 13 munisipalidad ng Benguet sa kanilang Agri-Fair. Ang bawat munisipalidad ay may kanya-kanyang booth o bahay-kubo kung saan naka-display ang kanilang mga produkto upang maitanghal at maibenta ang kanilang mga produkto. Ito ay isang pagtatampok ng mga produktong pang-agrikultura, mga sining at paggawa na nauugnay sa agrikultura at maging ang 'livestock' o mga pangkabuhayang alagang hayop ng iba't ibang mga munisipalidad ng Benguet. Naglalayong itaguyod ang agrikultura sa pamamagitan ng pagkakaroon ng iba't ibang eksibisyon ng mga produkto at mga pangkabuhayan ng lokal at mga paligsahang ng kanilang mga ibinibidang produkto upang sanayin ang mga mamamayan maging ang mga kabataan na itaguyod ang kahalagahan ng agrikultura dahil ito ang pinagkukunan ng mga mamamayan ng ikinabubuhay.

*Best Dressed Agro-Industrial Trade Booth*

Ito ay isang kompetisyon ng paggawa at pagsasaayos ng mga 13 na munisipalidad ng kani-kanilang mga booth o bahay-kubo na kung saan nila isasaayos at ibebenta ang kanilang mga ibinibidang produkto. Layunin ng kompetisyon na ito na itaguyod ang kani-kanilang mga produkto at kumita sa pagbebenta ng mga ito. Bukod pa roon a layunin din nitong iindorso sa mga mamamayan upang tangkilikin ang sariling produkto at maging sa mga turista o bisitang dumalo at ipakilala ang mga ipinagmamalaking pasyalan at mga bagay na nagpapakita ang pagkakilanlan ng kanilang lugar.

Ang aktibidad na ito ay kompetisyong pagandahan ng booth o kubo-kubo kung saan nila idinidisplay o isinasaayos ang kanilang sariling produkto at ipinapakita ang uri ng pangkabuhayan maging ang mga ipinagmamalaking tanawing pasyalan ng mga turista.

*Kape Ed Benguet/Kapehan sa Benguet*

Ayon sa isang kalahok, ito ay libreng kape na ibinabahagi sa lahat ng mga mamamayan at maging mga turista na dadalo. Nakapwesto ito sa may 'tent' o tolda ng pangkalahatan o probinsya kung saan nagsasalitan ang iba't ibang 13 na munisipalidad sa paghahanda at pagsisilbi. Kasabay ng maalab na pagtanggap sa mga mamamayan at mga bisitang dadalo ang pamamahagi ng libreng kapeng barako na siyang isang pangunahing produkto ng Benguet. Sa pamamagitan nito ay naipapakita at naipaparamdam ang pagiging 'hospitable' o mapagpatuloy ng mga mamamayan ng Benguet na siyang pinakalayunin ng aktibidad.

Ipinapahiwatig nito ang pagtutulongan at pagkakaisa ng mga 13 munisipalidad ng Benguet. Bukod pa roon ay ang pagiging hospitable o maasikasong mga mamamayan nito sa pagtanggap ng mga bisita. Ayon kay Sungkit (2009), bahagi na ng kultura ang pag-inom ng kape at madalas ito ang inihahandog sa mga bisita sa komunidad na nagnanais makihalubilo at makilala ang kagandahan ng kultura ng nasabing partikular na lugar.

*Ba`diw Night*

Ang Ba`diw ay isa sa mga vocal genre na itinuturing na signature form para sa mga partikular na kultura sa Cordillera. Ito ay katutubong awitin ng Benguet bilang pagpapahayag ng panalangin kay Kabunyan sa anyong patula o pangkatang panalangin na pinangungunahan ng *'Mambunong'* (native priest). Kadalasang lalaki ang nangungunang 'Mambunong' ngunit maaari ring babae. Nangunguna ang *'Mambunong'* sa pag-awit at sinusundan naman ng mga kababaihang kalahok na inuult lamang ang ilan sa mga salita sa laryngeal na tono. Ito ay pag-aawitan ng mga katutubong Kankanaey at Ibaloy at iba pang mga katutubong tribo sa pagkakatipon sa pista kung saan ang katutubong awitin ng Benguet ang kanilang inaaawit. Layunin ng aktibidad na ito na ipahayag ang hangarin at panalangin ng mamamayan at upang ipakita ito sa mga mamamayan lalo na sa mga kabataan upang hindi ito makalimutan at mawala**.**

Ang gawaing ito ay isinasagawa sa hangaring kaunlaran ng lahat ng mamamayan at buong probinsya sa sama-samang panalangin sa pamamagitan ng chant o tula sa anyong awitin. Ito ay isa rin sa kinagisnang ritwal sa anyong awitin na isinasagawa sa iba't ibang okasyon o pagdiriwang tulad ng pista.

Ayon kay Laoyan (2020) ang Ba`diw ay isang awit na napakahiwaga ngunit napakaklasiko sa kultura at pagkakakilanlan ng mga Ibaloy, na ito ay nakaligtas sa mga nakaraang henerasyon at nananatiling laganap at karaniwan sa mga kasalukuyang henerasyon. Ang dahilan ng natitinag na gawain ng Ba`diw ay dahil sa hindi natitinag na kultura ng Cordillera. Kolonisado man ng Espanyol ang malawak na bahagi ng Pilipinas ang kultura at pagkakakilanlan ng mga Ibaloy at iba pang mga tribo ng Cordillera ay nananatiling hindi nagalaw at determinado sa paglipas ng mga taon.

*Grand Cañao*

Ang cañao o grand cañao ay bahagi ng pagdiriwang at kultura ng Benguet. Ito ay isang socio-religious na ritwal ng mga katutubo sa bulubunduking rehiyon ng Hilagang Luzon kung saan nagkakatay ng mga manok, baboy o kalabaw bilang handog at pagsasaluhan. Ito ay sinaunang tradisyon na ipinagdidiriwang bago pa man makarating ang Espanya sa Pilipinas at ginagawa pa rin ng mga Cordilleran sa kasalukuyan (Quitasol, 2022).

Hindi kompleto ang Grand Cañao kung walang paghahain o pag-aalay ng hayop. Ang karaniwang iniaalay na mga hayop ay mga kambing, manok, kalabaw at baboy kung saan ang paraan ng pagluluto ay pinakuluan lamang sa tubig at hinaluan ng kaunting pampalasa, ito ay tinatawag na *'watwat'*- ito ay malalaking hiwa ng karne ng baboy na ipinapahagi sa lahat ng mga dumalo sa pagdiriwang.

Ipinapakita nito ang lubos na mapagpasalamat ng mga mamamayan kay Kabunian (Diyos) sa mga pagpapalang iginagawad niya sa buong probinsya at kanyang mga paggabay. Ipinapahiwatig din ng pahayag na ito na ang mga mamamayan ng Benguet ay naniniwala sa pagkakaroon ng mga supernatural na nilalang na

tinatawag nilang Anito na may kapangyarihan sa tao. Sa pagsasagawa ng mga panalangin at mga materyal na pag-aalay sa ritwal ay naniniwala ang mga mamamayan na matamo ang mga pagpapala at patnubay sa mga espiritong ito para sa kaunlaran at pagkakaisa ng buong komunidad.

*4.2 Wika ng mga Aktibidad na Nakapaloob sa Adivay Festival*

Ang wika noon ay isang representasyon ng isang partikular na kultura. Sa dahilang magkalakip ang wika at kultura, kailan man ay hindi mapaghihiwalay ang pagkakakilanlan ng nagsasalita at ang kanyang wika (Akl,2007). Nangangahulugan lamang ito na ang wika ay hindi lamang tumutukoy sa kahulugan ng kultura kundi maging ang repleksyon ng wika at kultura (Tanreverdi atApak, 2008).

Wika ng Sosyalisasyon

Ayon kay Tullao (2009), ang pakikipagkapwa-tao at pakikitungo ay napakalaki ang naitutulong sa mabisang pagpapalawak at pagpapayaman sa yamang pantao at sa mabisang pamamalakad ng mga organisadong pangkabuhayan ng bansa.

Sa pagdiriwang ng Adivay Festival, napapayaman ng mga mamamayan ang kanilang social life sa pamamagitan ng pakikilahok at pakikibahagi sa mga ihandang mga aktibidad. Sa pamamagitan ng pakikilahok ay naipapamalas din ang kanilang natatagong talento at kakayahan na maaaring makatulong sa pag-unlad ng lugar. Gayunpaman, ang ibang mga aktibidad na itinatampok ay nakuha sa impluwensya ng mga dayuhang sumakop sa bansa na naging bahagi na rin ng kultura at tradisyon ng Benguet o di kaya ay dala ng makabagong panahon. Katulad na lamang ng Dongba ni Kavadjo at Mr&Ms. Adivay na mga tinaguriang “crowd grower” dahil sa ito ay pinakaaabangan ng marami at maging ang mga bisita.

Bahagi pa rin ng sosyalisasyong aktibidad ay ang Man-adivay Shi Shontog/Man-alibay Ed Dontog- isang panlibangang aktibidad na bahagi ng Adivay Festival na naglalayong mapaunlad ang social life ng mga mamamayan. Ang man-adivay (terminong Ibaloy) o man-alibay (terminong Kankanaey) ay nangangahulugang magtipon-tipon, bumisita, makisama, makipagsaya at pagsasama-sama. Samantala, ang Shontog (Ibaloy) o Dontog (Kakanaey) ay nangangahulugang mataas na bundok. Sa buong buwan ng pagdiriwang ng Adivay Festival kalakip nito ang mga pangkulturang sayaw ng Benguet kasabay ng pagpapatugtog sa mga gangsa at solibao. Tayaw ang karaniwang sinasayaw sa nasabing kapistahan at bukas sa lahat ng mga nais makisaya, mga bata man o mga bisita. Isa itong tradisyonal na sayaw sa Benguet sa bahagi ng lalaking mananayaw habang sinasabayan ang ritmo ng gangsa at solibao.

Ang mga aktibidad na ito ay naglalayong matuto ang mga mamamayan ng Benguet na maging miyembro ng isang grupo at aktibong makibahagi, pahalagahan at itampok ang mga kaugaliang pangkultura man o tradisyon ng Benguet, mga kahalagahan at mga tungkulin ng lipunang kinabibilangan. Sa sosyalisasyon napagbubuklod din ang mga mamamayan upang sila bilang mamamayan at ang lipunan ay maayos na magtrabaho o gumana para sa ikauunlad ng buong probinsya. Hindi lamang ang mga mamamayan ng Benguet ang pwedeng lumahok sa mga aktididad na ito kundi pati na rin ang mga bagong miyembro ng lipunan upang mapag-aralan at matuto sa mga kaugalian ng Benguet at tungkulin nila bilang mamamayan.

Wika ng Pagkakaisa

Ayon sa mga nakalap na datos, sa taon-taong pagdiriwang ng Adivay Festival ay hindi nawawala ang mga tradisyunal na aktibidad na kinakikitaan ng pagkakaisa sapagkat ito ang pinakadiwa ng kapistahan. Kabilang sa nasabing aktibidad ay may kaugnayan sa kasaysayan at sibilisasyon ng Benguet na siyang patuloy namang pinipreserba. Halimbawa ay ang tinatawag na Depap/Avang ni Molmol- ito ay isang tradisyunal na laro kung saan ang mga kalahok na manghuhuli ng baboy ay mga kalalakihan mula sa iba’t ibang munisipo ng Benguet at dito nakikita ang tinatawag na *‘binnadang’* o pagtutulongan sa paghuli ng baboy.

Ang mga mamamayan sa komunidad ay nagkakaisa hindi lamang sa oras ng kainan kundi lalo na sa panahon ng paghahanda. Ang mga kababaihan ay tumutulong sa pagbabalat ng mga gulay na ihahalo sa lulutoin, paghahanda o pamamahagi ng kape, at paghugas ng mga pinggan at gagamitin sa pagluluto. Samantalang ang mga kalalakihan naman ang bahala sa pagkatay ng baboy, pagluluto at pagpapatugtog ng mga gangsa upang simulant ang kasiyahan sa kapistahan (Colis, 2021).

*Wika ng Produkto*

Ayon kay Subia (2023), ang hanapbuhay o pangkabuhayan ay isa sa pinakamahalagang aspeto ng isang komunidad. Ang kinikita sa paghahanapbuhay ang tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng pamilya. Dito rin nakasalalay ang ikinabubuhay at ikinauunlad ng bawat indibidwal. Sa nakalap na datos, gawaing agrikultura ang pinakatampok sa pagdiriwang ng Adivay Festival. Ang pagtatanim ng mga highland vegetables at mga tropical fruits ang karaniwang ikinabubuhay ng mga mamamayan sa Benguet tulad ng *'papas'* (patatas) na siyang isa sa pangunahing produkto ng Benguet particular sa munisipalidad ng Buguias, ang *'pising'* (Ava) na siya ding pangunahing produkto ng Tuba at *'Kintoman'* rice na pangunahing produkto naman ng Kibungan mula sa pagsasaka. Ang *'doteng'* (strawberry) naman na siyang pinakatampok na produkto ng La Trinidad.

Sa malawakang pagpapakahulugan sa kultura ay makikita na kalakip nito ang agrikultura sapagkat bahagi ito ng pang-araw- araw na pamumuhay ng mga mamamayan sa Benguet bagaman agrikultura ang pangunahing pinagmumulan ng ekonomiya ng bayan. Kalakip nito ang mga produkto na siyang mabisang repleksyon ng agrikultura. Wika ang pangunahing kasangkapan sa pagbibigay ng pangalan sa mga produkto. Sa mga taga Benguet, ang mga produktong ibinibida ay maituturing na representasyon ng kanilang kultura. Mahalaga ang mga produkto dahil bukod sa isa itong pangunahing paraan nila upang mabuhay, nakikilala rin ito ng ibang karatig bayan. Ito'y nagpapatunay na bagama't nabibilang sila sa iisang lahi may natatanging pagpapakita ng kagandahan na nirerepresenta ng kanilang produkto. Pinatunayan din ng mga mamamayan ng Benguet na ang isang lokal na produkto ay maaaring makilala sa buong bansa at maging ibang bansa kung lalakipan ito ng pagkakaisa ng kaalaman at pagtaguyod o pagtangkilik sa sariling produkto (Amtalao at Lartec,2015).

*Wika ng Kultura*

Sa pagdiriwang ng Adivay Festival sa Benguet ay makikita rin ang mga maraming aktibidad na sumisimbolo sa pagkakakilanlan ng mga Igorot. Ang mga aktibidad na isinasagawa sa buong panahon ng pagdiriwang ay batay sa kultura ng bawat munisipyo ng buong Benguet, halimbawa na lamang nito ang *Ba`diw.* Ito ay pag-aawitan ng mga katutubong Kankanaey at Ibaloy at iba pang mga katutubong tribo sa pagkakatipon sa pista kung saan ang katutubong awitin ng Benguet ang kanilang inaaawit. Sa sama-samang pag-aawitan ay naipapamalas din ang kultura.

Sa pista, ipinapakita ang pagiging malikhain ng mga Pilipino sa larangan ng pagkain, pagsayaw, musika at sining. Ang lahat ng mga ito ay mahalaga sa bawat Pilipino sa panrelihiyon man o kultura. Kailangan ang mga ito upang makompleto ang karanasan ng isang pista sapagkat kung wala ang mga ito ay magiging kulang ang kultura (Ramiro,2016).

Ayon naman kay nagdaang gobernador ng Benguet Hon. Cresenscio Pacalso (2017), ang mga aktibidad na isinasagawa ay nagpapakita ng magagandang kultura, ritwal o tradisyon para sa preserbasyon ng mayamang kultura ng Benguet. Ayon pa sa kanya, napapansin na ang mga kabataan o kung tawagin ay *'millenials'* ay nakalilimutan na ang kinagisnang kultura ng kinalakihang probinsya kung kaya't patuloy na ipinapatupad ang mga aktibidad na ito upang matuto ang mga mamamayan lalong lalo na ang mga kabataan na makiisa sa mga pagdiriwang at aktibidad.

*Wika ng Pasasalamat*

Ang bawat pista ay may kanya-kanyang pinagmulan. Ang mga pistang ito ay halaw sa lumang tradisyon ng

pag-aalay ng mga unang inaning gulay, prutas, at iba pang pananim sa mga anito o diyos ng kalikasan bilang pasasalamat sa kanilang naipamahaging biyaya (Bamero,2010). Ang pista ay bahagi na ng buhay ng mga Pilipino. Ang mga Pilipino ay likas na masayahin, karugtong nito ay ang pagkahilig sa mga engrandeng selebrasyon at isa sa mga selebrasyong tunay na kinagigiliwan ng lahat ay ang pista o kapistahan sa bawat bayan at lunsod sa bansa (Saito, Imamura at Miyagi, 2010).

Sa pagdiriwang ng Adivay Festival, isa sa mga gawaing nagpapakita ng lubos na pasasalamat kay Kabunyan ay ang Grand Cañao-ang pinakamalaking pagdiriwang sa buong probinsya at paraan ng pagpapasalamat at paghingi ng basbas mula kay Kabunyan (Diyos). Ayon kay Colis (2010) maliban sa pagbuo ng mga relasyon, pakikipag-ugnayan sa pamilya, kaibigan, kapitbahay at sa komunidad, ito ay paraan n pagdiriwang ng pasasalamat at pagsasaya sa panahon ng masaganang anihan ng mga Cordilleran noon.

Bahagi ng Grand Cañao ang Cading na isinasagawa sa hapon na layuning ipaalam sa mga naunang opisyal ang isinasagawang aktibidad o pagdiriwang, at ang Sepnak- isang regular na laki ng baboy ang kinakatay para sa ritual na ito. Ito ay ginagawa nang may taimtim na pagdarasal at pag-aalay ng mga lutong karne, rice wine, lutong kanin at iba pa sa ka-aapuan at iba pang katutubong diyos upang maging matagumpay ang gagawing pagdiriwang. Ipinapakita nito ang lubos na paggalang ng mga mamamayan sa Benguet sa mga pinaniniwalaan nilang mga diyos at maging sa mga naunang ninuno.

*4.3 Kulturang Ipinapahiwatig ng mga Aktibidad sa Adivay Festival*

Sa isinagawang pagsusuri sa mga mga gawaing nakapaloob sa Adivay Festival, lumabas ang dalawang kultura ng mga taga-Benguet: ang kultura ng binnadang at ang kultura ng sosyalisasyon o adivay.

*Kultura ng Binnadang*

Sa taunang pagdiriwang ng Adivay Festival, isa ito sa pinakadiwa ng pista na nakikita sa mga isinasagawang aktibidad tulad ng Avang ni Molmol o Paghuli ng Baboy kung saan nagtutulungan at nagkakaisa ang mga kalalakihan sa paghuli ng baboy na siyang kakatayin at ihahain. Nakikita din ang binnadang sa pagsasagawa ng Grand Cañao dahil bukod sa sama-sama sila sa pagbibigay pasalamat kay Kabunyan ay tulong-tulong din ang mga mamamayan sa pagluluto at paghahanda ng pagkain na bahagi sa malaking pagdiriwang. Mula sa paghuli ng baboy o tinatawag na *depap o avang* sa pagluluto, paghahanda hanggang sa pagbabahagi ng pagkain sa mga dumalo ay nakikita ang pagtutulongan ng mga mamamayan.

Likas sa kultura ng mga Igorot ang isang pagpapahalagang tinatawag na "binnadang", isang tradisyunal na kaugalian ng pagtulong lalo na sa mga nangangailangan at ambagan para sa ikatatagumpay ng isang gawain. Ang *binnadang* ay isang terminong Kankanaey na ginagamit para sa pakikipagtulongan, isang kultural na kaugalian ng pakikiisa sa pamamagitan ng pagsuporta sa kapwa na nangangailangan sa pamamagitan ng pagboboluntaryo at tulong sa komunidad. Ito ay maaaring kasingkahulugan ng salitang 'Bayanihan' sa Tagalog at 'Tarabangan' sa wikang Bikol na karaniwang ginagamit sa tuwing pista, Santa Cruzan o mga tulong-tulong na pagtatrabaho sa barangay o komunidad. Iba-iba man ang katawagan (Binnadang, Bayanihan o Tarabangan) ay iisa pa rin ang ibig sabihin at parehong tumutukoy sa diwa ng pagkakaisa ng komunidad upang makamit ang isang partikular na layunin. Ito ay karaniwang ginagawa sa isang pagdiriwang o okasyon tulad ng pista, kasal at pasasalamat (Leeftink, 2014).

*Kultura ng Adivay*

Isa sa pinakalayunin at pinakadiwa ng pista ay ang maligayang pagtitipon at pakikisalamuha ng lahat ng mamamayang nasasakupan para sa maligayang pagkukwentuhan, pagpapalitan ng kasiyahan, sama-samang pagpapasalamat, pag-aalay at pakikibahagi ng pagkain at inumin. Sa bawat pagdiriwang o okasyon ay nakalakip

ang mga isinasakatuparang aktibidad na nagpapakita ng sosyalisasyon o pakikisalamuha para sa ikauunlad at ikakabubuti ng social life ng bawat indibidwal.

Sa Adivay Festival ay hindi mawawala ang diwa ng sosyalisasyon at pakikiisa sa pagtitipon kung kayat mayroong mga aktibidad na inilulunsad tulad na lamang ng Man-adivay Shi Shontog kung saan ang mga kalahok ay sama-sama at masayang nagkukwentuhan, nagbabahagian ng mga bugtog at karanasan sa buhay na maaring kapupulotan ng aral ng bawat isa. Dito rin nagkakakilala at nakakabuo ng mga pagkakaibigan ang bawat indibidwal.

Ang Mr. & Ms. Adivay na pinaka-aabangan ay isa ding kinakikitaan ng 'Adivay' o malaking pagtitipon kung saan nagkakatipon ang mga mamamayan at mga bisita sa panonood. Bagaman hindi ito bahagi ng orihinal na kultura ng Benguet ay gayun naman ang kapanabikang dulot nito sa mga mamamayan at mga bisita kung kayat tinagurian itong "crowd grower".

Ang Kapehan sa Benguet at Cordilleran Cultural Dances ay isa din sa mga gawaing nagpapakita ng kulturang ito. Sa pagbabahagi ng libreng kape sa bawat indibidwal na dumalo sa pagpapakita ng hospitability at kagandahang loob. Sa pamamagitan din ng mga pangkultural na sayaw partikular na sa *Tayaw* ay nagkakaroon ng sosyalisasyon sa pamamagitan ng sayaw at pagbabahagi ng kaalaman kaugnay dito. Mga opisyal ng probinsya at mga munisipyo, mga mamamayan, matatanda man o mga bata at mga bisita ay malayang makilalahok at makisaya.

Ang katutubong sayaw ay napakahalaga ang ugnayan sa kultura at sosyalisasyon sapagkat pinagsasama-sama nito ang mga tao at hinihikayat silang makisali sa mga panlipunang aspeto, ipinapakita nito ang tradisyon ng isang bansa o rehiyon, at hinihikayat ang mga tao na makilahok sa mga pisikal na aktibidad at iba pang kanilang mga interes (Amtalao at Lartec, 2015).

Bukod pa rito, ang gawaing Dongba ni Kavadjo ay bukas para sa lahat ng nais makilahok sa nasabing paligsahan, mamamayan man ng Benguet o hindi ay imbitado at malayang makilahok. Ang isa sa layunin nito ay makapanghikayat pa ng mga taong dadalo at makibahagi sa kasiyahan o 'maki-adivay'.

## 5. Kongklusyon at Rekomendasyon

### *5.1 Kongklusyon*

Pagkatapos na maisagawa ang pag-aaral, nabuo ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon:

- Ang mga aktibidad o mga gawain ay nagpapakita ng konsepto ng sosyalisasyon, pagkakaisa, produkto ng mga mamamayan, kultura at pasasalamat.
- Ang Adivay Festival ay isang paraan ng pagpapakilala at pagpapalakas ng kultura ng mga taga-Benguet: binnadang at adivay.
- Batay sa pagsusuri sa mga gawain at kulturang nakapaloob sa Festival, masasabing ang mga taga-Benguet ay matulungin at marunong makihalubilo sa kapwa.

### *5.2 Rekomendasyon*

Mula sa mga kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod:

- Panatilihin at paunlarin ang mga mahahalagang gawaing inilulunsad sa Adivay Festival upang lalong magkaroon ng kamalayan ang mga kabataan sa kanilang kultura at kabuhayan.
- Gayundin sa mga mamamayan, magkaroon ng malawakang pag-unawa sa mga aktibidad upang

magkaroon ng puspusang pagpapahalaga sa mga kultura ng Benguet na nakapaloob dito.

- Sa susunod na pag-aaral, iminumungkahing magsagawa pa ng mga pananaliksik sa Adivay Festival upang maipabatid ang kahalagahan at layunin ng pista.

## 6. Talasanggunian

Aliwan Fiesta, Manila Philippines, 2011. (2024, September 26). Flickr; Aliwan Fiesta, Manila Philippines, 2011 | From the 2011 Aliw… | Flickr. https://www.flickr.com/photos/philippinephotos/5630128386/AKL, L. (2007). The Implications of Lebanese Cultural Complexities for Education. Mediterranean Journal of Educational Studies 12.2. https://www.hotcity.co.nz/news/news-story/heritage-festival-2002

Amtalao, J. A., & Lartec, J. K. (2015). Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano/The Language of Sillag Festival as a Reflection of Culture and Identity of the Ilocano. Malay, 27(2), 1–1.

BAMERO, A. (2013). Kapistahan Research Paper. https://www.ipl.org/essay/Kapistahan-Research-Paper-FKHJVA3RCED6

Buyagan, R. (2012). Finding Meaning and Spirituality in Adivay January 21, 2012.https://pdfcoffee.com/music-9-pdf-free.html

Camper, M. (2009). Grandest Festival. https://festival.sunstar.com.ph/blog/2009/01/20/festival-2009-winners/

Carada, G. (2022). Annecy Festival. https://www.annecyfestival.com/home

Colis, M. (2021). To Cañao or not to cañao. Hinango noong Mayo 11, 2023. https://mabikas-foundation.org

Crespi-Valbona, M. at G. Richards. (2007). The Meaning of Cultural Festivals Stakeholders Perspectives in Calitunya. International Journal of Cultural Policy 13.1. https://ejournals.ph/article.php?id=8077

Gabriel, M., J. Mationg, at S. Samontanes. (2021). Leksikograpiya sa Larangan ng mga Kultura na Pagdiriwang sa Pilipinas (Festivals). https://fliphtml5.com/mnpqd/nnbs/basic

Laoyan, J. (2020). Art from the Regions. Hinango noong Mayo 11, 2023. https://www.coursehero.com

Leeftink, F. (2018). Coping after Typhoon Pepeng, Binnadang https://edepot.wur.nl/306178

Mangahis, J. (2010). Ang Pagkatuto ng Pangalawang Wika at Asimilasyon ng Kultura. https://ejournals.ph/function/reader1/read/web/viewer.php?id=uploads%2Farchive%2FMALAY%2FVol.+23+No.+1+%282010%29%2FMTL%2F9-Mangahis.pdf&di=7983

Mones, I. (2019). Pawikan Festival. https://calabarzon.denr.gov.ph/index.php/news-events/press-releases/1283-municipality-of-naic-cavite-celebrates-the-8th-pawikan-festival

Namoro, R. (2017). Dongba ni Kavajo. Posted on December 3, 2017. https://agshanonline17.wordpress.com/2017/12/dongba-nikavajo/

NCCA Official. (2015). Pista. Hinango noong Nobyembre 5, 2022.Https://www.flickr.com

Ramiro, J. (2016). Kahalagahan ng mga Pista. https://nadsfil9amgasanaysay2016.wordpress.com/2016/03/03/kahalagahan -ng-pista/.

Reed, M. (2018). Benefits of Hiking. Hinango noong Mayo 11, 2023. Https://www.nps.gov

Rocher, C. (2004). Wika at Kultura ng Adivay Festival.https://www.coursehero.com/file/92875660/WIKA-AT-KULTURA-NG-ADIVAY-FESTIVAL-FILEpdf/

Sabellano, A. (2017). Mga Selebrasyon sa Pilipinas. Taong 2020.https://content/uploads/2021/10/Arts5_Q1_Mod1_MgaSelebrasyonSaPilipinas_v2.pdf

Saito, I., T. Imamura, at I. Miyagi. (2010). Pagkahilig ng mga Pilipino sa mga malalaking selebrasyon ng ika-anim na Pangkat.https://www.coursehero.com/file/89256374/Pangkat-ni-Roperez-Nilalaman-1pdf/

Sauro, J., (2015). Research Methodology. https://www.Coursehero.com

Semorlan, T. (2010). Pagdalumat sa Pundasyon ng mga Ritwal ng Tribong Talaandig sa Lantapan, Bukidnon. Hinngo noong Mayo 11, 2023. https://www.studocu.com

Sungkit, T. (2009). Pangapug: Pagdalumat sa Pundasyon ng mga Ritwal ng Tribong Talaandig sa Lantapan,

Bukidnon. Hinango noong Mayo 11, 2023. https://www.studocu.com

Tankeverdi, B. at O. Apak. (2008). Festival sa Pilipinas. https://www.exploremyphilippines.com/2008/10/philippine-festivals-calendar-of-events.html

Taylor, A. (2007). Ang Kultura ay isang/ slide share. https://www.coursehero.com/file/p2npbd1/Ayon-kina Andersen-at-Taylor-2007ang-kultura-ay-isang-kumplikadong-sistema-ng/

Tullao, T. JR. (2009). Ekonomiks sa Diwang Pilipino: Halo-halo, Tingi-Tingi at Sari-sari Taong 2022.https://ejournals.ph/article.php?id=7961

Turin, M. (2021). Voices of Vanishing Worlds: Endangered Languages, Orality and cognition. Analise Social 205.4. http://web.a.ebscohost.com/ehost/pdfviewer/pdfviewer?vid=24&sid=a0755ef4c2-4cbd-b922-60ef72c9a57%40sessioninmgr4001&hid=4114